**Title**: How to Give Glory to God (Paano Magbigay ng Kaluwalhatian sa Dios)

**Text**: 1 Peter 4:11
"If any man speak, let him speak as the oracles of God; if any man minister, let him do it as of the ability which God giveth: that God in all things may be glorified through Jesus Christ, to whom be praise and dominion for ever and ever. Amen."

*Pagsasalin*: 1 Pedro 4:11 - Sinumang nagsasalita ay gawin iyon nang tulad sa nagsasalita ng mga aral ng Dios; sinumang naglilingkod ay tulad sa naglilingkod mula sa kalakasang ibinibigay ng Dios, upang ang Dios ay maluwalhati sa lahat ng mga bagay sa pamamagitan ni Jesu-Cristo. Sa kanya ang kaluwalhatian at ang kapangyarihan magpakailanman. Amen.

***Pangunahing aralin***: Ang pangunahing layunin ng tao ay luwalhatiin ang Dios.

## I. Ang Layunin ng Paglikha ng Dios sa Atin – Kanyang Kaluwalhatian.

1. Ang lahat ng mga bagay ay ginawa upang magsilbi ng isa or maraming layunin.
   Halimbawa: martilyo, pinggan, baso, libro, salamin, upuan.
   Application: Tayo rin ay nilika ng Dios na may layunin – Na siya ay maluwalhati sa ating buhay at maging patotoo sa Kanya (Rev. 4:11; Col. 1:16).
2. Mahalaga na lahat ng kilos natin ay gagawin natin para sa kaluwalhatian ng Dios (1 Cor. 10:31; Col. 3:17).
3. Additional Bible verses to study – 1 Chron. 16:69; 1 Cor. 6:20.

## II. Apat na Pamamaraan kung saan Maari Tayong Magbigay ng Kaluwalhatian sa Dios.

1. **Appreciation** (Pagpapahalaga) – Kinakailangan na bigyang halaga ang Dios sa ating isispan. Magkaroon tayo ng kagalang-galang na pag-papahalaga sa Kanya (Ps. 92:8). Ano ba ang kaisipan mo patungkol sa Dios? Ito ba ay mga kaisipan na humahanga sa Dios? (God-admiring thoughts). Mayroon kabang pagtataka at kagalakan (wonder and delight) sa pag-iisip sa Dios? Lahat ng kagandahan at pagkasimula ng lahat ay dulot ng Dios. Sino ang number 1 sa isip mo? Sino ang inuuna mo sa buhay mo? Beware of idolatry!

2. **Adoration** (Pagsasamba) – (Ps. 29:2). Ang pagsasamba ay kaukulang karapatan na karapatdapat na ibigay sa Dios lamang. Wala nang iba pa na pwedeng o maaring sambahan. Hindi ito basta-basta at iniimbento ng tao lamang. Ito ay itinakda sa salita ng Dios. Ano ang lugar at oras ng pagsasamba sa Dios? Answer: Sundays at the church.

3. **Affection** (Pagmamahal) – (Deut. 6:6). Warning – huwag ibigin ang blessings ng nag-bebless! Mahal mob a ang Dios o mahal mo ang blessings ng Dios? Itutok natin ang pagmamahal natin sa persona ng Dios. Kung papaano minamahal na isang ina ang kanyang anak, ang magkakaibigan sa isa't-isa, ang mga pet-owners sa kanilang "furbies," – ganito rin, dapat tutukan ng Christiano ang kanyang mga pagmamahal o pagsuyo sa Dios. Matindi at masigasig ba ang pagmamahal mo sa Dios?

4. **Submission** (Pagpapasailalim o Pagpapasakop) – Dito hinahanda natin ang mga sarili sa pagsisilbi sa Dios. Ang mga anghel sa langit ay ganito. Naluluwalhati ang Dios kapag tapat tayo sa paglilingkod sa Kanya. Ang ulo natin ay nag-aaral para sa Kanya, ang dila natin ay nag-sasalita para sa Kanya, at ang mga kamay natin ay naglilingkod para sa Kanya. Ang mga wise men ng Matt. 2:2 ay nagbigay ng mga ginto, frankincense, and myrrh – gayundin ialay natin ang ginto and halimuyak ng pagsunod sa Kanya.